Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG MAYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 83-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT SA PUNONG LUNGSOS – INH. GILBERT T. GATCHALIAN, NA PANSAMANTALANG MAGAMIT ANG LUMANG GUSALI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, NA MATATAGPUAN SA BARANGAY STO. NIÑO, LUNGSOD NG MALOLOS, UPANG MAGING PASILIDAD NA TUTUGON SA COVID-19 PANDEMIC BILANG VACCINATION AREA O' QUARANTINE FACILITY HABANG ANG LUNGSOD AY NASA STATE OF PUBLIC HEALTH EMERGENCY.**

**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana sa Seksyon 3 ng Kautusang Panlungsod Blg. 23-2020 ang pagmamandato sa pagpapanatili sa paggamit ng tatlong (3) palapag na gusali ng Pamahalaang Panlungsod bilang City of Malolos Legislative Building sa pangangasiwa at kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagsusulong sa kagalingang panlahat partikular ang pagtataguyod ng kalusugan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 458 ng nabanggit na batas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod na magpapasa ng mga Kapasiyahan na mangangalaga at magbibigay proteksyon sa mga mamamayan sa anumang sakuna o' hindi magandang resulta nito;

**SAPAGKAT,** ang *"CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)"* na dating kilala bilang 2019-Ncov, na isang *Acute Respiratory Disease*, ay isang nakakahawang sakit;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** itinagubilin ng Inter-Agency Task-Force (IATF) COVOD-19 ang paghahanda ng bawat Local Government Units ng isang Isolation Facility para sa mga COVID-19 PUI o' Person Under Investigation, Probable at Suspected na may layuning ma-contain ang pagkalat ng COVID-19 Virus sa bawat Bayan at Lungsod;

**SAPAGKAT,** noong ika-9 ng Marso, 2020 ay idineklara ng Pilipinas ang Public Health Emergency dahil sa mabilis na pagkalat ng sakit na Novel Corona Virus Disease (COVID-19);

**SAPAGKAT,** ayon sa *Health Secretary* ay mabilis ang pagkalat ng mga COVID-19 *variant* mula sa ibat-ibang bansa kung saan ay patuloy ang pagdami ng mga namamatay sa sakit na ito;

**SAPAGKAT,** noong ika-11 ng Marso 2020, ay kinonsidera ang COVID-19 bilang *pandemic* ng World Health Organization (WHO);

**SAPAGKAT,** ang Proclamation No. 922 ay nagdeklara ng *State of Public Health Emergency* sa buong Pilipinas;

**SAPAGKAT,** tinatayang humigit-kumulang na walong libo (8,000) na kaso ang naitalang positibo sa sakit na COVID-19 kada-araw;

**SAPAGKAT,** ang mamamayan ng Lungsod ng Malolos ay lubhang nababahala at nangangailangan ng karagdagang pasilidad na makatutugon sa sa hamon ng pandemyang COVID-19;

**SAPAGKAT,** hindi sapat ang mga nagagamit na pasilidad ng Lungsod ng Malolos para sa mga pasyente na positibo sa sakit na COVID-19;

**SAPAGKAT,** ang lumang gusali ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay kasalukuyang nanatiling bakante o' walang gumagamit;

**SAPAGKAT,** ang sirang bubong ng nasabing gusali ay kasalukuyang ginagawa at isinasaayos at inaasahang matatapos sa nalalapit na mga araw;

**SAPAGKAT,** ninanais ng bumubuo Sangguniang Panlungsod ang karagdagang pasilidad na lubos na makakatulong sa mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** batay sa inilabas na Resolusyon ng Inter-Agency Task Force (IATF) ay nasa ilalam muli ng General Community Quarantine (GCQ) ang buong Lalawigan ng Bulacan mula ika-15 ng Mayo hanggang ika-31 ng Mayo, taong kasalukuyan;

Sa kahilingan ni **Kgg. Michael M. Aquino** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang isang Kapasiyahang Panlungsod na magalang na nagbibigay ng pahintulot sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchlian, na pansamantalang magamit ang lumang gusali ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos, na matatagpuan sa Barangay Sto. Niño, Lungsod Ng Malolos, upang maging pasilidad na tutugon sa COVID-19 *Pandemic* bilang *vaccination area o' quarantine facility* habang ang Lungsod ay nasa *State of Public Health Energecy*.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05172021